

PROSESO SA PAGREREKLAMO

Ang bawâ't isa ay may obligasyon na sumunod sa batas at may karapatan na humanap ng lunas para sa paratang na mga paglabag. Ang mga reklamo sa pabahay ay dapat mapunan sa loob ng isang taon sa petsa ng paratang na pinsala. Ang imbestigasyon ay isasagawa upang tukuyin kung ito man ay katanggap-tanggap na dahilan upang paniwalaan na ang paglabag sa batas ay naganap at upang magsagawa ng hakbang upang ituwid ang may-pagtatanging mga kasanayan at polisiya. Upang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa proseso sa pagrereklamo, bisitahin ang aming website o tumawag sa aming opisina.

ESTADO NG WASHINGTON KOMISYON NG KARAPATANG PANTAO

PUNONG TANGGAPAN NG OLYMPIA

711 South Capitol Way, Suite 402
P.O. Box 42490
Olympia, Washington 98504-2490
360-753-6770

SPOKANE

Rock Pointe Plaza III
1330 North Washington Street, Suite 2460
Spokane, Washington 99201
509-568-3196

EVERETT

729 100th Street SE
Everett, WA 98208

VANCOUVER

312 SE Stonemill Dr., Bldg 120
Vancouver, WA 98684

YAKIMA

15 West Yakima Ave., Ste 100
Yakima, WA 98902

EAST WENATCHEE

519 Grant Rd
East Wenatchee, WA 98802

WEBSITE: www.hum.wa.gov

TOLL FREE: 1-800-233-3247

TTY: 360-586-2585

Pakisuyong ipaalam sa amin kung kailangan mo ng tagapagsalin o makatwirang akomodasyon.

Ang pagpopondo para sa pagsasalin ng polyetong ito ay inilaan ng Kagawaran ng E.U. sa Pabahay at Pagpapaunlad ng Lungsod

DISKRIMINASYON SA PABAHAY



ESTADO NG WASHINGTON KOMISYON NG KARAPATANG PANTAO

*Itinatag noong 1949 by ng
Mambabatas ng Estado ng Washington,
ang Estado Komisyon sa Karapatang
Pantao ng Estado ng Washington ay
nangangasiwa at nagpapatupad ng Batas
Laban sa Diskriminasyon sa Estado ng
Washington, Kabanata 49.60 RCW*

Ang Layunin ng Komisyon ng Karapatang Pantao ng Estado ng Washington ay upang pigilan at alisin ang diskriminasyon sa pamamagitan ng patas na pagpapairal ng batas, ang maaasahang paggamit ng mga mapagkukunan, at ang pagtatatag ng produktibong mga samahan sa komunidad.



ANO ANG DISKRIMINASYON SA PABAHAY?

Ang **Batas Laban sa Diskriminasyon ng Washington** ay pumoprotekta mula sa negatibong mga hakbang sa pabahay na nagaganap dahil sa kanilang protektadong uri.

Sa Pabebenta at Pagpaparenta ng Pabahay: Walang sinuman ang maaaring magsagawa ng mga sumusunod na hakbang batay sa protektadong uri:

- Tumangging makipagtransaksyon para sa real estate
- Tumangging makipag-negosasyon para sa pabahay
- Magtakda ng iba't ibang mga termino, kondisyon o pribilehiyo para sa pagbebenta o pagrenta ng tirahan
- Magbigay ng iba't ibang mga serbisyo o pasilidad ng pabahay
- Kasinungalingang itanggi na ang pabahay ay magagamit para sa inspeksyon, pagbebenta o pagpaparenta
- Gawing hindi magagamit ang pabahay o kung hindi ay itanggi ang tirahan
- Himukin ang mga may-aring ibenta o parentahan para sa kita.
- Mag-anunsyo o gumawa ng anumang pahayag na nagpapahiwatig ng limitasyon o kagustuhan batay sa protektadong uri
- Tumanggi sa sinuman na magamit o mag-miyembro sa pasilidad o serbisyo kaugnay ng pagbebenta o pagpaparenta ng pabahay
- Magtakda ng iba't ibang termino, kondisyon, o pribilehiyo sa panahon ng transaksyon, pagpapatupad, o pagpopondo ng transaksyon sa real estate

Kung ikaw o ang isang tao na naninirahan kasama ay baldado, may mga karagdagang proteksyon. Ang provider ng pabahay ay hindi maaaring:

- Tumanggi na pahintulutan ang makatwirang mga pagbabago sa tirahan o karaniwang lugar, sa iyong sariling gastos, kung kinakailangan para sa taong may kapansanan

Itinatag noong 1949 ng Mambabatas ng Estado ng Washington, ang Komisyon sa Karapatang Pantao ng Estado ng Washington ay responsable sa pangangasiwa at pagpapatupad ng Batas Laban sa Diskriminasyon ng Washington (WLAD), Kabanata 49.60 ng Binagong Kodigo ng Washington (RCW).



Ang ahensya ay nagtatrabaho upang pigilan at alisin ang diskriminasyon sa pamamagitan ng imbestigasyon sa reklamo, alternatibong resolusyon sa pagtatalo, at edukasyon, pagsasanay at mga outreach na aktibidad.

Mga may-pagtatanging kasanayan sa batayan ng protektadong uri ng hindi makatwirang mga Transaksyon sa Pabahay/Real Estate

Kabilang sa mga Protektadong Uri sa Pabahay ay :

Lahi
Kulay
Bansang Pinagmulan
Pananampalataya
Kasarian
Seksuwal na oryentasyon/ Pagkakakilanlan ng Kasarian
Beterano/Katayuang Militar
Kapansanan
Katayuang May-asawa
Katayuang Pampamilya (mga pamilya na may mga anak na wala pang 18 taon ang edad, o mga nagbubuntis)

Hindi rin makatarungan na gumanti laban sa sinumang indibiduwal na nagsampa o nakilahok sa reklamo sa diskriminasyon sa pabahay.

upang gamitin ang pabahay. Sa kaso ng pagpaparenta, ang kasero ay maaaring, kung ito ay makatwirang gawin, ay may kondisyong pahintulot para sa pagbabago sa rumerenta na sumasangayon na ibalik ang panloob ng tirahan sa kondisyon na umiiral bago ang pagbabago.

- Tumangging magkaroon ng makatwirang akomodasyon sa mga panuntunan, polisiya, kasanayan o mga serbisyo kapag ang nasabing mga akomodasyon ay kinakailangang bilhin ng taong may kapansanan na kapantay ng oportunidad na gumamit at masiyahan sa tirahan

Karagdagan pa, labag sa batas na pilitin, takutin, pagbantaan, o panghimasukan ang sinuman na nagsasagawa ng patas ka karapatan sa pabahay o tumutulong sa iba na nagsasagawa ng karapatan.



PATAS NA PAGPAPATUPAD NG BATAS

Ang Komisyon ng Karapatang Pantao ng Estado ng Washington ay walang kinikilingan, ahensiya na naghahanap na katotohanan sa pagpapatupad ng batas; hindi ito kumikilos bilang tagapagtanggol ng sinumang partido sa oras ng imbestigasyon; ngunit nagtatanggol para sa batas sa kapakinabangan ng pagpigil at pagtanggol ng diskriminasyon.